



ANG LUNSOD NG SAN DIEGO

Paunawa ng Pampublikong Pagdinig

Ang Konseho
ng Lunsod ng San Diego
ay magsasagawa ng isang
pampublikong pagdinig
upang isaalang alang ang
pagtataas sa mga presyo
ng tubig.

Ang mga
interesadong partido
ay iniimbitahang dumalo.
Basahin ang nasa loob
upang makakuha ng
karagdagang
kaalaman.

Nobyembre 17, 2008
2:00 p.m.

City Administration Building
202 "C" Street, 12th Floor
Council Chambers

**Paunawa ng
Pampublikong Pagdinig**
Informasyon sa Loob

Este Material esta
disponible en Espanol en
la pagina electronica:
www.sandiego.gov

Ang kasulatan na ito
ay matatagpuan din sa www.sandiego.gov, sa wikang Tagalog.

THE CITY OF SAN DIEGO
202 C Street, MS 2P
San Diego, California 92101



PRESORTED
STANDARD
U.S. POSTAGE PAID
SAN DIEGO, CA
PERMIT NO. 134

**MGA IMINUMUNGKAHING
PRESYO AT SINGIL SA SERBISYONG TUBIG**

Ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang mga iminumungkahing pag-aakma sa mga presyo ng tubig. Ang pulong ay gaganapin sa Nobyembre 17, 2008, sa 2 p.m. Sa pagdinig na ito ang Konseho ay magsasaalang-alang sa rekomendasyon sa pagtaas ng mga presyo ng tubig upang mabawi ang tumaas na gastos na siningil ng Awtoridad sa Tubig ng County para sa pakyawang tubig; at ang isang nakahiwalay na pagtaas ng presyo ng tubig upang pondohan ang inaprobahan ng Konseho na Indirect Potable Reuse/Reservoir Augmentation Demonstration Project (Di-tuwiran Maiinom na Muling Paggamit/Pagpapalakas na Proyekto ng Demonstrasyon).

MGA IMINUMUNGKAHING BAGONG PRESYO NG TUBIG BATAY SA AKSIYON NG AWTORIDAD NG COUNTY

Noong Hunyo 26, 2008 ang Awtoridad sa Tubig ng County ng San Diego (San Diego County Water Authority [CWA]) ay bumoto na itaas ang mga presyo na sinisingil nito para sa mga inaangkat na tubig simula sa Enero 1, 2009. Ang pagtaas na ito ay umaaplay sa lahat ng mga ahensiya ng tubig ng county, kabilang ang Lunsod. Dahil ang mga panustos na lokal na tubig ay napakalimitado, ang Lunsod ay dapat bumili ng humigit-kumulang na 90% ng tubig na itinatustos nito sa mga parokyano mula sa CWA. Dahil ang Lunsod ay inaatasan na bawiin ang mga gastos para sa pagbili ng tubig, dapat nitong "ipasa" ang mga tumaas na singil sa sarili nitong mga parokyano.

Ibinatay ng CWA at pagtaas na ito sa mga gastos para sa sarili nitong imprastruktura, mga pagpapatakbo at pagpapanatili. Ang pagtataas ng CTA ay nagpapakita rin ng gastos na binabayaran natin upang bumili ng tubig mula sa pinakamalaking tagabenta ng pakyawan ng rehiyon, ang Pangkalunsuran ng Distrito ng Tubig ng Timog California (Metropolitan Water District of Southern California). Inaprobahan ng CWA ang mga pagtaas na ito pareho sa mga pirmihang singil sa paggamit ng imprastruktura at sa mga singil sa commodity, na batay sa halaga ng biniling tubig. Ang pagtaas na ito sa presyo ay hindi kabilang ang anumang pagtaas para sa imprastruktura ng Lunsod, mga pagpapatakbo o pagpapanatili.

Mga Iminumungkahing Pagtaas

May dalawang bahagi ng pagtaas ng presyo ng tubig na sinisingil ng Lunsod ng San Diego sa inyo bilang isang parokyano. Ang mga ito ay Base Fee at ang Commodity Fee. Ang Base Fee ay ipinapataw upang mabawi ang

mga pirmihang singil na kaugnay ng pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistema ng tubig at ang singil na ibinabayad ng Lunsod upang magamit ang imprastruktura ng panustos na tubig ng CWA. Ang Commodity Fee ay ipinapataw upang mabawi ang nagbabagong mga gastos na batay sa dami ng tubig na ginagamit ng mga parokyano ng sistema ng tubig. Ang iminumungkahing pagtaas ng presyo ay makakaapekto sa pareho ng Base Fee at sa singil sa Commodity.

Mga Iminumungkahing Pag-aakma sa Presyo ng Base Fee Dahil sa CWA "Pass Through"

Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita kung paano ang iminumungkahing pagtaas ng presyo ng tuig ay makakaapekto sa base fee para sa mga parokyano ng sistema ng tubig. Ang bayad na ito ay iniaaplay sa bawat katumbas na metro at tumataas habang tumataas ang sukat ng metro. Ang mga pigurang kasama sa talahanayan ay batay sa mga singil kada buwan.

ISANG MAHALAGANG TALA:

Mahigit sa 90 porsiyento ng mga parokyano ng Isang-Pamilya Tirahan ay may mga sukat ng metro na wala pang 1 pulgada. Iyon ay nangangahulugan na ang malaking mayoriya ng mga parokyano na Isang-Pamilyang Tirahan ay makikita ang kanilang base fee na tataas ng 20 sentimo kada buwan. Kung kailangan mo ng tulong upang malaman ang sukat ng metro, mangyaring tawagan ang Dibisyon ng Serbisyo sa Parokyano ng Kagawaran ng Tubig ng Lunsod (City's Water Department Customer Service Division) sa (619) 515-3500.

IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG CWA PASS THROUGH - BUWANANG BASE FEE (Batay sa Sukat ng Metro)

Sukat ng Metro	Kasalukuyan	Inaasahang Pagtaas	Presyo pagdating ng Enero 1, 2009
5/8 na pulgada	\$16.32	\$0.20	\$16.52
3/4 na pulgada	\$16.32	\$0.20	\$16.52
1 na pulgada	\$23.86	\$0.34	\$24.20
1 1/2	\$41.10	\$0.66	\$41.76
2	\$62.66	\$1.06	\$63.72
3	\$113.29	\$2.00	\$115.29
4	\$185.49	\$3.34	\$188.83
6	\$364.36	\$6.66	\$371.02
8	\$579.86	\$10.66	\$590.52
10	\$832.01	\$15.34	\$847.35
12	\$1,549.64	\$28.66	\$1,578.30
16	\$2,699.37	\$50.00	\$2,749.37

Mga Iminumungkahing Pag-aakma sa Presyo ng Base Fee Dahil sa CWA "Pass Through":

Bilang karagdagan sa pagtaas sa base fee para sa mga pirmihang singil, ang mga gastos ng CWA "Pass Through" na iminumungkahi ng Lunsod ay magtataas din sa **commodity fee**. Ang Lunsod ay nagmumungkahi ng pagtaas sa mga commodity fee ng 8.5% para sa bawat cubic feet (HCF) ng tubig na kinonsumo sa loob ng bai-baitang na presyo ng sistema ng tubig ng Lunsod. Ang isang daang cubic feet ng tubig ay katumbas ng humigit-kumulang na 748 galon. Ang pangkaraniwang parokyano na Isang-Pamilyang tirahan ay gumagamit ng 14 HCF (o 10,472 galon) bawat buwan.

IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG CWA PASS THROUGH - BUWANANG COMMODITY FEE (Batay sa Paggamit ng Tubig)

Klasipikasyon ng Parokyano	Kasalukuyan	Kabuuang Pagtaas	Enero 1, 2009 (may CWA Pass Through)
Isang-Pamilya na Tirahan			
Baitang 1 (Unang 7 HCF na ginamit)	\$2.505	\$0.213	\$2.718
Baitang 2 (Ikalawang 7 HCF na ginamit)	\$2.717	\$0.231	\$2.948
Baitang 3 (Paggamit na mas mataas sa 14 HCF)	\$3.051	\$0.259	\$3.310
Maraming-Pamilyang Tirahan	\$2.717	\$0.231	\$2.948
Pangkomersiyong	\$2.606	\$0.222	\$2.828
Pang-industriya	\$2.606	\$0.222	\$2.828
Irigasyon	\$2.784	\$0.237	\$3.021
Pansamantalang Konstruksiyon	\$2.784	\$0.237	\$3.021

Halimbawa:

Kapag isinama sa mga bagong base fee, ang tumaas na mga singil sa commodity ay epektibong magtataas sa kabuuang presyo ng tubig para sa isang pangkaraniwang Parokyano sa Isang-Pamilyang Tirahan ng humigit-kumulang na 6.26% (\$3.31 kada buwan). Ang eksaktong halaga ng pagtaas ay mag-iiba sa mga parokyano dahil sa kanilang iba't ibang antas ng pagkonsumo.

EPEKTO NG IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG PRESYO NG TUBIG SA CWA PASS THROUGH SA BUWANANG GASTOS SA BUWANANG SINGIL SA PANGKARANIWANG ISANG-PAMILYANG TIRAHAN (PAGGAMIT NA 14HCF)

Base Fee sa Tirahan	Kasalukuyan	Enero 1, 2009 (may CWA Pass Through)
3/4 na Pulgadang metro	\$16.32	\$16.52
Commodity Fee*		
Baitang 1 (1-7 HCF)	\$17.54	\$19.03
Baitang 2 (8-14 HCF)	\$19.02	\$20.64
KABUUAN	\$52.88	\$56.19

*Ipinapalagay ang 7 HCF na ginagamit kada baitang.

TALA: Upang tumulong na itaguyod ang konserbasyon, ang Lunsod ay gumagamit ng isang bai-baitang na istruktura ng pagsingil na nagtataas ng mga gastos para sa tubig na ginagamit ng mga parokyano sa tirahan. Ang unang baitang ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 7 HCF kada buwan. Ang ikalawa, mas mataas, na baitang ay umaaplay sa lahat ng tubig na ginagamit sa higit sa 7 HCF at hanggang 14 HCF kada buwan (ang halagang ginagamit ng isang pangkaraniwang parokyano na Isang-Pamilyang Tirahan). Ang ikatlo, pinakamataas na baitang ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 14 HCF kada buwan.

Mangyaring tandaan na ang Lunsod ay lumipat kamakailan sa isang minsan sa dalawang buwan na inog ng pagsingil. Ito ay nangangahulugan na ang bawat singil sa tubig na natatanggap ninyo ay kabilang ngayon ang mga singil para sa dalawang buwan ng serbisyo.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga presyo ng tubig ay makukuha sa www.sandiego.gov/water o sa pamamagitan ng pagtawag sa (619) 515-3500.

IMINUMUNGKAHING PANSAMANTALANG INDIRECT POTABLE REUSE/RESERVOIR AUGMENTATION DEMONSTRATION PROJECT

Noong Disyembre 3, 2007, ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay bumoto upang simulan ang isang Demonstration Project upang tumulong na ipasiya ang posibilidad ng paggamit ng muling kinuhang tubig upang dagdagan ang mga lokal na panustos na iniinom na tubig. Ang Demonstration Project ay magsusuri ng proseso para sa Indirect Potable Reuse through Reservoir Augmentation (IPR/RA). Ang Konseho ng Lunsod ay nagmumungkahi na pansamantalang itaas ang mga presyo ng tubig para sa mga parokyano ng Kagawaran ng Tubig ng Lunsod, simula sa Enero 1, 2009.

Ang kabuuang gastos ng Demonstration Project ay \$11,811,000. Upang makuha ang mga pondong ito, ang Konseho ng Lunsod ay nagmumungkahi na itaas ang mga presyo para sa mga parokyano

ng tubig ng Lunsod para sa isang panahon na humigit-kumulang na 18 buwan simula sa Enero 1, 2009. Ang iminumungkahing pagtaas ay lilikha ng kitang \$10.7 milyon. Ang natitirang \$1.1 milyon sa mga gastos sa proyekto ay babayaran sa pamamagitan ng isang gawad na itinathana ng pagpopondo ng Proposisyon 50. Ang pagtaas ng presyo ay magtataas sa mga presyo sa commodity (ang mga singil para sa tubig na ginamit ng mga parokyano ng Lunsod) ng 3.26%. Dahil ang pagtaas ng presyo ay iaaplay lamang sa mga singil sa commodity at hindi sa base fee na binabayaran ng mga parokyano ang epektibong pagtaas ng presyo para sa isang pangkaraniwang parokyano na Isang-Pamilyang Tirahang ay magiging 2.3% o \$1.19 kada buwan. Batay sa kasalukuyang inaasahang pagbebenta ng tubig, ang pansamantalang pagtaas na ito ay inaasahang matatapos humigit-kumulang sa Hulyo 1, 2010.

Ang Demonstration Project ay magkakaloob ng mga iniaatas na teknikal, pangkapaligiran, panregulasyon, pagpopondo at pag-abot sa publiko na kailangan upang ipatupad ang isang buong proyekto. Kung ang Demonstration Project ay nakatugon sa mga iniaatas sa regulasyon at nagkakaloob ng ebidensiya na magagawa ang proseso ng IPR/RA, susubukan ng Lunsod ang posibilidad ng pagtatayo ng isang buong planta ng IPR/RA upang magpadala na maagang ginamot na tubig sa San Vicente Reservoir sa pamamagitan ng isang 23-milyang linya ng tubo kung saan, pagkaraan ng mga buwan ng pagsasama at kargdagang paggamot, ito ay muling ipamamahagi bilang isang naiinom na tubig. Ang isang nakahiwalay na pagtaas ng presyo at karagdagan aksiyon sa Konseho ay iaatas upang simulan ang isang ganap na proyekto ng IPR/RA.

Demonstration Project

Ang iminumungkahing Demonstration Project na popondohan ng pagtaas ng presyo na iminumungkahi ng Konseho ng Lunsod ay:

- Magpapahintulot sa Lunsod na idisenyo, itayo at patakbuhan ang planta ng demonstrasyong-proposiyon na mas mataas na paggamot sa tubig (demonstration-scale advanced water treatment [AWT]) sa North City Water Reclamation Plant na nilalayong lumikha ng humigit-kumulang na 1 milyong galon kada araw ng tubig na AWT;

- Magsasagawa ng isang pag-aaral ng Vicente Reservoir upang itatag kung gaano katagal na ang tubig ng AWT ay titigil sa imbakan;
 - Lilinawin ang mga iniaatas ukol sa regulasyon ng estado para sa IPR/RA demonstration project;
 - Pahihintulutan ang Lunsod na gumawa ng independiyenteng pagsusuri ng enerhiya at kabuhayan para sa programang IPR/RA; at
 - Pahihintulutan ang Lunsod na magsagawa ng isang programang pag-abot at edukasyon sa publiko tungkol sa Indirect Potable Reuse.
- Gaya ng iminungkahi, ang Demonstration project ay magsisimula sa unang bahagi ng 2009 at tatapusin bago ang 2013.

May dalawang bahagi ng pagtaas ng presyo ng tubig na sinisingil ng Lunsod ng San Diego sa inyo bilang parokyano. Ang mga ito ay Base Fee at ang Commodity Fee. Ang Base Fee ay ipinapataw upang mabawi ang mga pirmihang singil na kaugnay ng pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistema ng tubig at ang singil na ibinabayad ng Lunsod upang magamit ang imprastruktura ng panustos na tubig ng CWA. Ang Commodity Fee ay ipinapataw upang mabawi ang nagbabagong mga gastos na batay sa dami ng tubig na ginagamit ng mga parokyano ng sistema ng tubig. Ang iminumungkahing pagtaas ng presyo ay makakaapekto lamang sa singil sa Commodity.

ANG IMINUMUNGKAHING BUWANANG COMMODITY FEE KUNG ANG INAPROBAHAN AY ANG PAGTAAS SA DEMONSTRATION PROJECT LAMANG (Batay sa Paggamit ng Tubig)

Klasipikasyon ng Parokyano	Kasalukuyan	Pagtaas ng Kaugnay ng IPR	Presyo pagdating Enero 1, 2009
Isang-Pamilyang Tirahan			
Baitang 1 (Unang 7 HCF na ginamit)	\$2.505	\$0.082	\$2.587
Baitang 2 (Ikalawang 7 HCF na ginamit)	\$2.717	\$0.089	\$2.806
Baitang 3 (Paggamit na mas mataas sa 14 HCF)	\$3.051	\$0.099	\$3.150
Maraming-Pamilyang Tirahan			
Pangkomersiyo	\$2.717	\$0.089	\$2.806
Pang-industriya	\$2.606	\$0.085	\$2.691
Irigasyon	\$2.606	\$0.085	\$2.691
Pansamantalang Konstruksiyon	\$2.784	\$0.091	\$2.875
	\$2.784	\$0.091	\$2.875

Halimbawa::

Ang tumaas na mga singil sa commodity ay epektibong magtataas ng kabuuang presyo ng tubig para sa isang pangkaraniwang Parokyano na Isang-Pamilyang Tirahan ng humigit-kumulang na 2.3% (\$1.19 kada buwan). Ang eksaktong halaga ng pagtaas ay mag-iiba sa mga parokyano dahil sa kanilang iba't ibang antas ng pagkonsumo.

IMINUMUNGKAHING EPEKTO NG DEMONSTRATION PROJECT SA BUWANANG GASTOS NG PANGKARANIWANG ISANG-PAMILYANG TIRAHAN (14HCF)

Pantahanang Base Fee	Kasalukuyan	ENERO 1, 2009
3/4 na Pulgadang metro	\$16.32	\$16.32
Commodity Fee*		
Baitang 1 (1-7 HCF)	\$17.54	\$18.11
Baitang 2 (8-14 HCF)	\$19.02	\$19.64
KABUUAN	\$52.88	\$54.07

*Nagpapalagay ng 7 HCFna ginamit kada baitang. Nagpapalagay ng mga pagtaas mula sa IPR lamang.

TALA: Upang tumulong na itaguyod ang konserbasyon, ang Lunsod ay gumagamit ng isang bai-baitang na istruktura ng pagsingil na nagtataas ng mga gastos para sa tubig na ginagamit ng mga parokyano sa tirahan. Ang unang baitang ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 7 HCF kada buwan. Ang ikalawa, mas mataas, na baitang ay umaaplay sa lahat ng tubig na ginagamit sa higit sa 7 HCF at hanggang 14 HCF kada buwan (ang halagang ginagamit ng isang pangkaraniwang parokyano na Isang-Pamilyang Tirahan). Ang ikatlo, pinakamataas na baitang ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 14 HCF kada buwan.

Mangyaring tandaan na ang Lunsod ay lumipat kamakailan sa isang minsan sa dalawang buwan na inog ng pagsingil. Ito ay nangangahulugan na ang bawat singil sa tubig na natatanggap ninyo ay kabilang ngayon ang mga singil para sa dalawang buwan ng serbisyo.

Ang karagdagan impormasyon tungkol sa mga presyo ng tubig ay makukuha sa www.sandiego.gov/water o sa pamamagitan ng pagtawag sa (619) 515-3500.

**ANG MGA PRESYO KUNG ANG PAREHO NG PASS THROUGH (IPINAPASA)
AT IPR/RA DEMONSTRATION PROJECT (PROYEKTONG DEMONSTRASYON) AY INAPROBAHAN**

Ang Konseho ng Lunsod ay maaaring mag-aproba sa mga presyo ng tubig upang bayaran ang pareho ng CWA Pass Through ang pondohan ng Demonstration Project. Ang mga sumusunod na talahanayan ay naglalarawan ng magiging mga presyo ng tubig kung ito ay mangyayari. Mangyaring tandaan ang Demonstration Project ay iaaplay sa Commodity Fee (Bayad sa Kalakal) lamang.

**IMINUMUNGAKAHIT BUWANANG BASE FEE (BATAYANG BAYAD) (Batay sa sukat ng Metro)
KUNG ANG PAREHO NG CWA PASS THROUGH AT MGA PAGTAAS SA PRESYO NG IPR AY INAPROBAHAN**

Sukat ng Metro	Kasalukuyan	Pagtaas sa CWA Pass Through	Presyo pagdating Enero 1, 2009
5/8 na pulgada	\$16.32	\$0.20	\$16.52
3/4 na pulgada	\$16.32	\$0.20	\$16.52
1 Pulgada	\$23.86	\$0.34	\$24.20
1 1/2	\$41.10	\$0.66	\$41.76
2	\$62.66	\$1.06	\$63.72
3	\$113.29	\$2.00	\$115.29
4	\$185.49	\$3.34	\$188.83
6	\$364.36	\$6.66	\$371.02
8	\$579.86	\$10.66	\$590.52
10	\$832.01	\$15.34	\$847.35
12	\$1,549.64	\$28.66	\$1,578.30
16	\$2,699.37	\$50.00	\$2,749.37

**IMINUMUNGKAING BUWANANG COMMODITY FEE (Batay sa Paggamit ng Tubig)
KUNG ANG PAREHO NG CWA PASS THROUGH AT MGA PAGTAAS NA MAY KAUGNAYAN SA IPR AY INAPROBAHAN**

Klasipikasyon ng Parokyano	Kasalukuyan	Pagtaas sa CWA Pass Through	Pagtaas ng Kaugnay ng IPR	Presyo pagdating Enero 1, 2009
Isang-Pamilya na Tirahan				
Isang-Pamilya na Tirahan	\$2.505	\$0.213	\$0.077	\$2.795
Baitang 2 (Unang 7 HCF)	\$2.717	\$0.231	\$0.084	\$3.032
Baitang 3 (mas mataas sa 14 HCF)	\$3.051	\$0.259	\$0.094	\$3.404
Maraming-Pamilyang Tirahan	\$2.717	\$0.231	\$0.084	\$3.032
Pangkomersiyo	\$2.606	\$0.222	\$0.080	\$2.908
Pang-industriya	\$2.606	\$0.222	\$0.080	\$2.908
Irigasyon	\$2.784	\$0.237	\$0.086	\$3.107
Pansamantalang Konstruksiyon	\$2.784	\$0.237	\$0.086	\$3.107

Halimbawa:

Kapag isinama sa mga bagong base fee, ang tumaas na mga singil sa commodity ay epektibong magtataas sa kabuuang presyo ng tubig para sa isang pangkaraniwang Parokyano na Isang-Pamilyang Tirahan ng humigit-kumulang na 8.4% (\$4.43 kada buwan). Ang eksaktong halaga ng pagtaas ay mag-iiba sa mga parokyano dahil sa kaniilang iba't ibang antas ng pagkonsumo.

TALA: Upang tumulong na itaguyod ang konserbasyon, ang Lunsod ay gumagamit ng isang bai-baitang na istruktura ng pagsingil na nagtataas ng mga gastos para sa tubig na ginagamit ng mga parokyano sa tirahan. Ang unang baitang ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 7 HCF kada buwan. Ang ikalawa, mas mataas, na baitang ay umaaplay sa lahat ng tubig na ginagamit sa higit sa 7 HCF at hanggang 14 HCF kada buwan (ang halagang ginagamit ng isang pangkaraniwang parokyano na Isang-Pamilyang Tirahan). Ang ikatlo, pinakamataas na baitang ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 14 HCF kada buwan.

Mangyaring tandaan na ang Lunsod ay lumipat kamakailan sa isang minsan sa dalawang buwan na inog ng pagsingil. Ito ay nangangahulugan na ang bawat singil sa tubig na natatanggap ninyo ay kabilang ngayon ang mga singil para sa dalawang buwan ng serbisyo.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga presyo ng tubig ay makukuha sa www.sandiego.gov/water o sa pamamagitan ng pagtawag sa (619) 515-3500.

IMINUMUNGKAHING EPEKTO NG PAGTAAS NG PRESYO NG TUBIG SA BUWANANG SINGIL SA PANGKARANIWANG ISANG-PAMILYANG TIRAHAN (PAGGAMIT NA 14HCF)

Isang-Pamilya na Base Fee	Kasalukuyan	Enero 1, 2009
3/4 metro	\$16.32	\$16.52
Commodity Fee*		
Baitang 1 (1-7 HCF)	\$17.54	\$19.57
Baitang 2 (8-14 HCF)	\$19.02	\$21.22
KABUUAN	\$52.88	\$57.31

*Nagpapalagay ng 7 HCF na ginamit kada baitang. Nagpapalagay ng mga pagtaas mula sa pareho ng CWA at IPR

Maaari ninyong iprotesta ang mga iminumungkahing pag-aakma ng presyo

Magagamit ninyo ang kupon sa paunawang ito upang irehistro ang inyong protesta laban sa alinman o pareho ng mga iminumungkahing pag-aakma ng presyo ng tubig. Maaari rin ninyong piliin na sumulat sa Lunsod, sinusunod ang mga iniaatas sa ibaba, o humarap sa pampublikong pagdinig na nakalista sa pangharap na pabalat na paunawang ito upang isumite ang inyong nakasulat na protesta.

Paano Ako Lalahok?

Ang mga interesadong partido ay maaaring magkomento sa mga iminumungkahing presyo. Ang batas ng California ay nagbabawal sa Lunsod na ipatupad ang mga bagong presyo kung ang karamihan ng apektadong may-ari ng ari-arian ay nagharap ng mga nakasulat na protesta na salungat sa mga presyo bago matapos ang pampublikong pagdinig. Ang mga nakasulat na protesta ay dapat matanggap ng City Clerk, Mail Station No. 2P, City Administration Building, 202 "C" Street, San Diego, CA 92101, bago matapos ang pampublikong pagdinig na nakatakda sa 2:00 pm, Nobyembre 17, 2008. Ang bawat protesta ay dapat tukuyin ang apektadong ari-arian (sa numero ng parsela ng tagatasa o kalyeng direksiyon) at isama ang pirma ng isang may-ari ng ari-arian o parokyano ng utilidad. Ang mga protesta sa email ay hindi tatanggapin. Bagaman ang mga pasalitang komento sa pampublikong pagdinig ay hindi magiging kuwalipikado bilang isang pormal na protesta maliban kung sinamahan ng isang nakasulat na protesta, ang Alkalde at Konseho ng Lunsod ay tumatanggap ng komento mula sa komunidad sa panahon ng pampublikong pagdinig.

GAMITIN ANG PORMULARYONG ITO UPANG IPROTESTA ANG ALINMAN O PAREHO NG IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG PRESYO NG TUBIG

PANSAMANTALANG INDIRECT POTABLE REUSE (DI-TUWIRANG NAINOM NA MULING PAGGAMIT [IPR]) / DEMONSTRATION PROJECT

Ako, si _____ ay nagpoprotesta sa iminumungkahing pagtaas sa mga presyo ng tubig.

Direksiyon (Address) ng ari-arian o Numero ng Parsela ng Tagatasa: _____

Pirma: _____

MARKAHAN ANG KAHONG ITO UPANG MAGPROTESTA

CWA PASS THROUGH

Ako, si _____ ay nagpoprotesta sa iminumungkahing pagtaas sa mga presyo ng tubig.

Direksiyon (Address) ng ari-arian o Numero ng Parsela ng Tagatasa: _____

Pirma: _____

MARKAHAN ANG KAHONG ITO UPANG MAGPROTESTA

Kung nais ninyong gamitin ang pormularyong ito upang iprotesta ang isa o pareho ng mga pagtaas ng presyo, dapat kayong magbigay ng kumpletong impormasyon sa bawat protesta na gusto inyong isumite sa ilalim nitong mga pamamaraan sa protesta at ipakoreo ito sa isang selyadong sobre sa: City Clerk, City Administration Building, 202 C Street, MS 2P, San Diego, CA 92101.

Ang ilang parokyano ay tatanggap ng maraming Paunawa Upang matiyak na ang lahat ng mga naninirahan sa San Diego ay binigyan ng paunawa tungkol sa posibleng pagtaas ng presyo ng tubig, ang mga Paunawang ito ay ipinadadala sa pareho ng mga may-ari ng ari-arian at sa mga parokyano ng City of San Diego Water Department.

Ang materyal na ito ay makukuha sa mga alternatibong porma sa kahilingan upang bigyang-daan ang mga taong may mga kapansanan o hindi nagsasalita ng Ingles. Upang umorder ng impormasyon sa isang alternatibong porma, o makipag-ayos para sa isang senyas na wika o pasalitang tagasalin ng wika sa pagdinig sa **November 17, 2008** mangyaring tawagan ang opisina ng Klerk sa o bago ang Nobyembre 10, 2008 sa (619) 533-4000 (boses) o (619) 236-7012 (TTY).